

PROLOGUE

Present day. Los Angeles International Airport (LAX)

Boarding na ang *PR 403* ng *Philippine Airlines* mula LA, California patungong Maynila. Tumatakbo si Lemuel, bitbit ang kanyang *North Face* backpack na gray. Mabuti na lang at naka-rubber shoes siya, at least mabilis siyang makakarating sa GATE 7 kung saan nakapila na ang mga tao.

“Buti umabot ako!” aniya na hinihinal pa. Kinuha niya ang kanyang passport at boarding pass sa pocket ng kanyang backpack. Ngumiti sa kanya ang ilang Pinoy na nasa unahan niya.

“Matagal ka na sigurong hindi nakakauwi sa atin, ’no?” anang isang babaeng sa tantiya niya ay nasa late 60s na. “Mukhang excited ka, eh.”

“Kakauwi ko lang ho actually.”

“At babalik ka na uli sa Pilipinas?” tanong ng isa pang senior citizen.

Tumango siya.

“Ang suwerte mo naman, madalas ka palang nakakauwi sa Pilipinas. Ako, ngayon lang ulit. After thirty years.”

Naputol ang pag-uusap nila nang sabihin ng ground crew na bilisan na nila dahil sila na ang huling pasahero. Lihim siyang nagpasalamat dahil kahit last minute decision ang pag-uwi niya ay nakaabot pa rin siya sa flight.

“Enjoy your flight, Sir,” sabi ng *PAL* attendant pagpasok niya sa eroplano.

“Thanks. I will.”

Pag-upo niya ay saka niya naramdaman ang pagod. Masakit ang likod niya at mga paa—pero okay lang iyon. Mahaba ang biyahe, makakapagpahinga siya. Ang importante ay pauwi na siya.

Hindi agad siya nakatulog. Tuwing ipipikit niya ang mga mata ay sari-saring images ang pumapasok sa isip niya. Kaya nanood na lang muna siya ng palabas sa mini-tv na nasa harap ng kanyang upuan. Nakadalawang pelikula siya bago tuluyang nakatulog.

Hindi na niya namalayan ang 14-hour trip. Nagising na lang siya nang marinig niyang malapit na silang lumapag sa Maynila. Saka siya nakaramdam uli ng kakaibang sensasyon sa kanyang sikmura. He

was having an anxiety attack!

Dali-dali niyang inabot ang kanyang backpack para kunin ang gamot na naroon.

“Sir, please sit down,” sabi sa kanya ng flight attendant.

“I just need to get my medicine. Masakit ang sikmura ko.”

Hinayaan na siya nito hanggang sa makuha niya ang gamot. Binigyan pa siya nito ng paper cup na may tubig.

“Salamat,” aniya.

“You’re welcome, Sir. And please fasten your seatbelt.”

Tumango siya at inayos ang kanyang seatbelt.

Hindi na siya mapakali. Ilang sandali na lang ay makikita na niya si Nicky. Napangiti siya. Tiyak na masosorpresa ang babae dahil hindi siya nagpasabi na darating.

Paglapag na paglapag ng eroplano ay mabilis na kinuha ng binata ang kanyang backpack kahit nagsabi na ang flight attendant sa PA system na wala munang tatayo dahil umaandar pa ang eroplano. He was just

too excited to obey the rules.

“Sir, baka mauntog ho kayo,” narinig niyang komento ng flight attendant.

“Sorry.” Ngumiti siya sa babae. “Excited lang.”

Pagkalabas niya ng eroplano ay patakbo siyang lumapit sa immigration. Siya ang nauna sa pila! Paglampas niya sa immigration ay hindi na siya makapaghintay na makuha ang kanyang maleta. Every ten seconds ay tumitingin siya sa kanyang relo. Nang makita niya ang kanyang itim na *Samsonite* luggage ay mabilis niyang kinuha iyon at tuloy-tuloy sa labas ng airport para sumakay ng taxi.

Kumakabog ang dibdib niya sa excitement at kaba. Pagdating niya sa bahay nila ay mabilis siyang naghubad ng damit at nagbukas ng maleta. Naroon ang isang maliit na box na regalo niya para kay Nicky. Matapos ilagay sa kama ang itim na box ay nagtungo na siya sa banyo para mag-shower. Kesehodang pagod siya sa biyahe—basta ang gusto niya ay presko siya kapag nagkita sila ng babae.

Matapos mag-shower at magbihis ay kinuha na niya ang wallet, jacket, regalo, cellphone saka lumabas ng kuwarto.

“Sir, bakit nandito kayo?” Gulat na gulat si

Bebang, ang kasambahay nila nang makita siya. Hindi nito namalayang dumating na pala siya.

“Nasaan ang susi ng kotse ko?” aniya habang isinusuot ang kanyang jacket.

Nang iabot sa kanya ng katulong ang susi ay lumabas na siya at nagtungo sa garahe. Alam niya kung saan pupuntahan si Nicky. Ilang sandali pa ay nasa biyahe na uli siya.

“Anak! My God, ano’ng ginagawa mo dito?” Nasa mukha ng mommy niya ang matinding gulat pagkakita sa kanya.

“Umuwi ako for my sister’s graduation.” Ngumisi siya. Halos humaba ang leeg niya sa paghahanap. “Nasaan siya?”

“Nasa unahan! Teka,” anang ginang na nakisingit na rin sa kumpulan ng mga tao na naroroon sa graduation. “Hindi ka man lang nagpasabi na uuwi ka. Nagiging habit mo na ang manggulat, ha!”

“Ayun siya!” Halos takbuhin niya ang kinaroroonan ng kapatid. Katulad ng kanyang mommy ay nanlaki rin ang mga mata ng babae.

“Kuya! Paano ka nakarating dito?”

“Sumakay ng eroplano.” Niyakap niya si Ella.

“Akala ko busy ka? Sabi mo di ka makakauwi.”
Humaba ang nguso nito at natawa siya.

“Matitiis ba naman kita?” Pinisil niya ang ilong nito saka bumulong. “Where’s your friend?”

Kitang-kita niya na nawala ang ngiti ng kapatid.
“S-si Nicky?” Halos pabulong din ang boses nito.

“Yes! Nasaan siya? Is she with her parents? Nasaan ang family niya?” Tiningnan niya ang paligid, hoping na kahit maraming tao ay makikita niya ang hinahanap. “I want to see her!”

“W-wala na siya, Kuya.”

“Anong wala?” Naisip niyang ginu-goodtime na naman siya ng kapatid. Pero seryoso ang hitsura nito. Kumabog ang dibdib niya. “What do you mean?”

“Wala na si Nicky, Kuya.”

Pakiramdam ni Lemuel ay umikot ang paningin niya.

1

Four months ago. Burbank, California.

Maghahating-gabi na pero nasa working station pa rin niya si Lemuel. May trabaho kasi siyang kailangang tapusin kaya kahit Sabado ay naroon siya, imbis na nakikipag-date sa girlfriend o nagba-bar hopping kasama ang mga kaibigan.

“Dude, here’s your coffee.” Inilapag ni Ridley ang isang *Starbucks* coffee sa table niya. Kasamahan niya ang lalaki na may nilalamay ring trabaho kagaya niya.

“Hey, thanks, man!” Nakita niyang may paper bag ding iniabot sa kanya si Ridley kaya sinilip niya kung ano iyon.

“Chicken sandwich. I thought you’d like one too,” nakangising sabi nito bago bumalik sa sariling working station.

“Cool! I owe you one,” sagot niya.

“You owe me five dollars.”

Natawa siya sa sinabi nito kaya mabilis siyang

dumukot sa kanyang wallet. “I’m giving you ten dollars, man. Now you owe me!”

Napahalakhak ang kasama at saglit silang nagkulitan habang kumakain. Mayamaya ay bumalik na siya sa ginagawa, gayundin ito. May presentation ang bago nilang project at sa Lunes na ang deadline kaya nagdo-double time sila sa opisina.

Graduate ng Fine Arts sa *UP Diliman* si Lemuel. Bata pa lang ay mahilig na siya sa cartoons kaya hindi kataka-takang sa mundo ng animation siya ngayon nagtatrabaho. After his college graduation ay kinuha siya ng isang post-production company sa Makati na kalimitang gumagawa ng mga special effects ng mga sikat na TV commercials at mga pelikula. Three years ago ay nabigyan siya ng scholarship sa San Francisco, California para magpakadalubhasa sa multimedia arts at ngayon ay nagtatrabaho siya sa *Walt Disney* na nasa Burbank, California. Three years na rin siyang hindi nakakauwi sa Pilipinas.

Naalimpungatan si Lemuel sa tunog ng telepono. Kahit medyo madilim sa kuwarto niya ay nakita niya sa alarm clock na nasa side table niya na alas cuatro ng madaling araw pa lang. Alas tres na siya nakauwi at pakiramdam niya ay kaiidlip pa lang niya kaya

medyo groggy pa siya.

“Hello?” Napilitan siyang sagutin iyon dahil iisa lang ang puwedeng tumawag sa kanya ng ganoong oras. “Ma, kumusta?”

“Lem! Diyos ko, Lem!” Nagpa-panic ang boses ng ina kaya napabangon siya.

“Ma, ano’ng nangyari?” Kumabog ang dibdib niya. *Huwag sanang masamang balita*, piping usal niya.

“Si Mariella!”

“Ano’ng nangyari kay Ella?”

Dalawa lang silang magkapatid—si Ella ang bunso. Kasama ito ng mommy niya sa Pilipinas. Bata pa sila nang mamatay ang daddy nila. Five years ang tanda niya sa kapatid pero dahil na-accelerate siya sa school ng dalawang beses, maaga lalo siyang nakatapos ng pag-aaral. Kahit may agwat ang mga edad nila, close silang magkapatid kaya biglang tinambol ang dibdib niya ngayon dahil sa tawag ng mommy niya.

“Anak, masama ang nangyayari kay Mariella ngayon.”

“Ano nga ho? May sakit ba siya? Nadisgrasya?”

Buntis? Ano?” He didn’t mean to sound impatient pero may tendency kasi ang mommy niyang pahabain ang suspense—as if hindi overseas call ang pag-uusap nila!

“Nalilihis na ng landas ang kapatid mo! Napabarkada siya at nag-iba na siya. Parang nasasapian na si Ella.”

“Nagda-drugs ba siya?” Sa isip niya ay masasabunutan niya ang kapatid kapag nalulong ito sa droga. Baka makalbo niya pa ang babae dahil galit siya sa bawal na gamot.

“H-hindi ko alam kung nagda-drugs... basta hindi na siya iyong dating mahinhin. Para na siyang siga kung kumilos. Saka... saka iba na ang pangalan na gusto niyang itawag ko sa kanya. Ayaw na raw niya ng Ella—”

“Ano na raw ang gusto niya?” Lalong naguluhan ang 25-year old na binata. Siga kung kumilos? Lumaki iyon sa mga madre.

“Marley na daw.” Tuluyan nang umiyak ang mama niya sa kabilang linya.

“Marley?” Kinabahan siya. Baka nga totoong nagdodroga ang kapatid. “Bakit daw Marley na ang pangalan niya?”

Ang pumapasok sa isip niya ay si Bob Marley. Paborito niya ang tinaguriang ‘father of soul reggae’ pero bakit iyon ang gustong gamiting pangalan ng kapatid niyang babae? Ano ang diperensya kung simpleng Ella ang palayaw nito?

“Mas... mas maganda daw ang Marley. Mas bagay daw sa kanya.” Humikbi pa rin ang ina.

“Paano niya nasabing mas maganda ’yun? Sino’ng nagpauso n’un? Sinu-sino ang barkada niya? Kilala n’yo ba?” Pakiramdam niya ay magkaka-alta presyon siya dahil kay Mariella. Ayaw na ayaw niyang namomroblema ang mommy niya, at lalong ayaw niyang umiiyak ito.

“Mga kasama niya sa organization nila sa school, mga taga-teatro. ”

“Mga bad influence pala ang mga kasama niya.” Ano pa ba ang puwede niyang maging conclusion?

“Kaya nga, hindi ko naman mapagsabihan, kasi malaki na daw siya,” hinaing ng ina. “Duda ko Lemuel, tomboy na ang kapatid mo.”

“Anong tomboy?” Lalong lumakas ang iyak ng mommy niya sa itinanong niya.

Tama ba ang narinig niya? Lesbiana na ang

kapatid niyang si Ella? Kinilabutan siya. Paano nangyari iyon?

“Iba na nga kasi ang kilos. Pati pangalan iba na rin. Ano pa ba ang iisipin ko?”

“Baka nag-o-overreact lang ho kayo? Baka may stage play lang si Ella at in-character?” Somehow ay binibigyan niya ng benefit of the doubt ang kapatid. Kesa dumagdag pa siya sa agam-agam ng ina.

“Basta, maniwala ka sa akin, Anak. ’Yung kapatid mo, mukhang napapariwara. ’Eto na ang kinatatakutan ko. Wala kasing father figure na kinagisnan si Ella.”

“Bakit ho ako, maayos lumaki?”

“Kasi kahit pap’ano, Anak, nakasama mo ang daddy n’yo. Naranasan mo ang disiplina. Ang kapatid mo, ako lang ang nakalakhan. Saka wala ka rin dito.”

Nakaramdam siya ng guilt sa narinig.

Lagi rin niyang naiisip ang ina at kapatid na naiwan sa Pilipinas. Nakokonsyensya siya na sila na nga lang tatlo ang magkapamilya, magkakalayo pa. Pero ano ang magagawa niya?

“Akin na nga ho ang cellphone number niya. Nabanggit niya kasi sa huling email na iba na ang

number niya,” nasabi na lang niya.

Naisip niya na kahit hindi sila madalas mag-usap ni Ella sa phone ay nakaka-chat din niya ang kapatid at napapadalhan ng email every other week. But this time, alam niyang kailangan na niyang kausapin sa telepono ang kapatid.

Matapos makuha ang cellphone number ni Mariella ay sinabihan niya ang ina na huwag na itong mag-alala. Siya na ang bahalang kumausap sa kapatid.

“Huwag mong sabihing ako ang nagsumbong, ha?” bilin ng mommy niya.

“Sino pa ho ang magsasabi sa akin kung gan’un?”

“Ayokong mag-away kami!”

“Sige ho, ako na ang bahala. Ituturo ko na lang ang kapitbahay natin,” biro niya. Narinig niyang natawa ang ina.

“Loko ka, baka puntahan ’yung kapitbahay natin,” anito.

Mayamaya ay nagpaalam na ito. Kahit may treinta minutos na niyang naibaba ang landline ay hindi agad siya nakabalik sa tulog.

Binabagabag siya sa balita tungkol kay Ella. Hindi niya kilala kung sinu-sino na ang nakakasama nito. Kinakabahan siya na baka tuluyang mapahamak ito kapag hindi naagapan. Malay ba niya kung iba ang trip ng mga kaibigan nito? Naisip din niya na kung nasa Pilipinas lang sana siya—malamang na kahit papaano ay nababantayan niya ang kapatid na babae. Siya lang ang lalaki sa pamilya, siya lang ang inaasahan, kaso minsan lang ang opportunity kung kumatok. Mas pinili niya noon na magpunta ng States. After all, hindi naman siya araw-araw na nakakatanggap ng scholarship sa San Francisco!

Maliit na rin ang mundo dahil sa technology. Naisip niya noon, may *Internet*, kaya walang problema sa communication. Hindi lang niya na-anticipate na maaaring mabarkada sa maling grupo ang kapatid.

Wala na siyang oras para sisihin pa ang sarili. Ang kailangan niyang gawin ay agapan ang sitwasyon ni Mariella—bago ito tuluyang mapahamak.

Pagkatapos ng tawag galing sa ina, one week na sinubukan niyang kontakin ang kapatid. Emails, tawag, text messages—he tried everything to reach her pero wala siyang Ella na nakausap.

Ayon sa mommy niya ay hindi naman nag-out of town ang kapatid, umuuwi raw ito araw-araw.

Pero bakit hindi niya matiyempuhang makausap? Ang conclusion niya ay iniwasan siya nito dahil ayaw mapagsabihan. Lalo siyang nanggigil. Talagang sinusubukan siya nito.

Kung hindi lang sana apektado ang ina—hahayaan na lamang niya si Ella sa gusto nitong gawin sa buhay. Pero iniisip niya ang mommy nila na malamang ay nag-alay na ng misa para sa ikabubuti ng bunsong anak. Knowing his mom, baka nga kumausap na ito ng isang spiritual adviser.

Ayaw man niya, napilitan siyang mag-leave muna sa trabaho. Kailangan niyang umuwi ng Pilipinas para komprontahin ang napapabalitang ‘tomboy’ na kasama umano ng kapatid. At nang madisiplina na rin si Mariella.

“Lemuel!” Literal na napasigaw si Mrs. Tirol nang makita ang panganay na anak sa labas ng gate nila na may dalang medium-size na maleta at isang backpack. “Bakit hindi ka nagpasabi na darating?”

Alas ocho pa lang ng umaga at kasalukuyang nasa garden ang ginang para maglakad-lakad at tingnan ang mga alaga nitong bulaklak nang tumunog ang doorbell. Nang silipin nga ay nagulat ito nang husto.

“Ma!” Niyakap niya nang mahigpit ang ina.

“Bebang! Bebang!” Sumigaw ulit ang ginang, this time ay tinatawag ang kasambahay. Humahangos na lumabas ang tinawag. “Ipasok mo ang mga gamit ni Sir Lemuel mo.”

“Ako na, Ma, ang gaan lang naman nito.”

“Hindi. Gusto ko yakap-yakap pa kita. Hayaan mo na si Bebang diyan,” saway ng ina. “Na-miss kita nang husto, Anak.”

“Miss din kita, Ma, kahit lagi tayong nag-uusap sa phone,” natatawang saad niya.

“Sana nagsabi ka para napaghandaan ko ang pagdating mo. Sana may welcome party,” himutok nito.

“Hindi ko kasi sigurado kung maa-approve ang leave ko kaya hindi ko muna sinabi sa inyo. Nang mapirmahan ang bakasyon ko, the next day, lumipad na agad ako rito.”

“Mabuti’t pinayagan ka!” Namuo ang luha sa mga mata nito.

Agad niyang pinahid iyon. “Huwag ka nang umiyak, Ma, dapat masaya tayo.”

“Hindi lang ako makapaniwala na nandito ka na.” Ngumiti ito at hinila siya. “Halika, magpahinga ka muna sa kuwarto at ipapahanda ko ang mga paborito mong ulam!”

“Ginataang ubod at lechong kawali?” Napangiti siya.

“Patatakbuhan ko si Bebang sa palengke ngayon din,” nakangiting sagot nito. “Saka magluluto din ako ng paborito mong nilagang baka!”

“Yes! Home sweet home.” Pagpasok sa loob ng bahay ay may naalala siya. “Si Mariella nga pala?” Kaya siya talaga umuwi ay para makita at makausap ang kapatid.

“Naku, hindi umuwi! Tawag nga ako nang tawag kagabi sa kanya,” sumbong ng ina. Pinaupo muna siya nito sa sofa, bago tumabi sa kanya. “May group study daw sila saka presentation mamaya kaya nag-overnight.”

“Saan? Sino’ng mga kasama?”

“Yung mga kaibigan nga niya at mga kaklase.”

“Yung mga tomboy?”

Hindi kumibo ang ina kaya napahawak siya sa noo. Kararating pa lang niya pero mukhang tatalunin

ng gimik ni Mariella ang jetlag niya sa pagbibigay sa kanya ng wala sa oras na migraine.

“Pumasok ka na nga lang muna sa kuwarto mo,” suhestiyon ng ina. “Matulog ka na muna, sige na. Mamaya mo na problemahin ang kapatid mo. Uuwi rin ’yun mamaya.”

“Kaya siguro umaabuso dahil hinahayaan n’yo,” aniya nang tumayo. Ano pa nga ba ang magagawa niya ngayon kundi magtimi?

Humanda sa akin mamaya ang malditang ’yan!

Pagpasok niya sa kuwarto ay nakalimutan niya ang inis sa kapatid. Nakita kasi niyang ganoon pa rin ang ayos ng silid niya. Maging ang kama at mga unan ay maayos at nakalagay ang paborito niyang bedsheet.

“Weekly pa ring nililinis ang kuwarto mo saka pinapalitan ang beddings,” anang mommy niya na sumilip mula sa pinto. “Kapag nalulungkot ako, dito ako natutulog.”

Nilapitan niya at niyakap ang ina. Maging siya ay muntik na ring mapaiyak sa sinabi nito.

“Pasensya ka na, Ma, ngayon lang ako nakauwi.”

“Naiintindihan ko, Anak.”

“Hayaan mo, every year na akong uuwi.”

“Mabuti naman.” Kumalas na ito sa pagkakayakap sa kanya. “Magpahinga ka na. Tatawagin ka na lang kapag luto na ang pagkain. Unless, gusto mong magkape muna?”

“Mamaya na po. Matutulog muna ako.”

Hindi namalayan ni Lemuel ang oras. Nakatulog pala siya nang mahimbing. Alas dos ng hapon na siya nagising. Ni hindi pa nga siya nakakapag-shower dahil basta na lamang siyang sumalampak sa kama kanina pagpasok niya sa kuwarto.

Nag-inat-inat muna siya nang ilang minuto bago bumangon at pumasok sa banyo para maligo. Pagkatapos magbihis ay saka siya lumabas.

“Lemuel, halika, Anak. Kumain ka na. ’Andito ang mga paborito mong pagkain, o,” anyaya ng mommy niya.

Napangiti siya nang mamataan lahat ng binanggit na putahe ng mommy niya kanina pagdating niya. Talagang niluto lahat ng mga iyon para sa kanya. Maraming Filipino restaurants sa California, lalo na sa LA at sa Burbank. Anytime na gusto niya ng mga

native dishes ay puwede siyang bumili roon, pero iba pa rin talaga ang lasa ng luto sa Pilipinas. Kaya agad siyang natakam nang makita ang mga nakahain sa mesa. Hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa. Talagang kumain siya nang husto!

“Champion ka pa ring magluto, Ma,” papuri niya pagkatapos kumain. Pakiramdam niya ay pang-isang buwan ang nakain niya!

“Nambola ka pa. Panay fast food ka kasi siguro sa States. Tingnan mo, o, ang payat-payat mo na.”

“Lean and fit lang ako, Ma,” natatawang pagtatama niya. Magsasalita pa sana siya nang biglang bumukas ang pinto sa sala. Sabay silang napatingin doon ng ina.

“Kuya?” Nakatayo sa pintuan si Mariella.

Maikli ang buhok nito, at may highlights. Malaki ang silver earrings na suot—para itong rock star. Lalo itong nagmukhang matangkad dahil slim at naka-boots na mataas ang takong.

“Ella?” Hindi naman mukhang tomboy ang kapatid niya—fashionista lang na parang emo dahil naka-black at naka-eyeliner. But it was his little sister all right.

Biglang tumakbo si Mariella at yumakap sa kanya. Na-realize niya na na-miss niya nang husto ang kapatid, at naglahong parang bula ang inis niya rito.

“Ang laki mo na, ah,” natatawang sabi niya.

“Dati na akong malaki, Kuya. Ano ka ba?” Bumungisngis ito. Napatingin ito sa mga pagkain sa mesa. “Wow, andaming food! Tamang-tama, di pa kami kumakain ni Nicky.”

“Nicky?” Nawala ang ngiti niya. Sa loob-loob niya, heto na ang sinasabi ng mommy niya na bad influence sa kapatid niya.

“My best bud. Nasa labas, may kinuha lang sa kotse.”

As if on cue, biglang pumasok ang isang babae na maikli rin ang buhok pero naka-fly away ang dulo at mukhang naka-hairspray. Mas matangkad ito kaysa kay Ella kahit hindi naka-boots. Naka-faded *Levi's* jeans ito, may punit sa tuhod, naka-dirty white na *Chuck Taylor* shoes at faded pink na hang-in blouse. May backpack ito at bitbit na ilang libro. Feeling ni Lemuel ay character sa isang 80s na *Hollywood* movie ang babae. Wala rin itong makeup pero dahil maputi at makinis, ay bumagay rito ang ‘natural look’.

'Eto ang mukhang tomboy, agad na konklusyon niya.

“Nicky! Meet my brother. Halika, Sweety, come on. Andaming pagkain!” Hinila ni Ella ang bagong dating at ipinakilala sa kanya.

Isang tipid na tango ang ibinigay niya. Hindi niya magawang ngumiti. Lalo pa't inakbayan ng tinawag na 'Nicky' at 'Sweety' ang kapatid niya.

Nakita niyang namutla na ang mommy nila sa isang tabi.

Tama pala si Mommy, agad na naisip niya.

May basehan ang kaba nito dahil tila may ginagawa ngang milagro ang kapatid niya at ang babaeng kasama nito.

Sayang, maganda pa naman pero nalihis ng landas, sa loob-loob niya.

Pasimple niyang sinulyapan ang kasama ni Ella habang patungo sila sa dining room.

“Tita, kayo po lahat ang nagluto?” Umupo si Nicky sa tabi ni Ella sa hapag.

“Oo.” Tinawag ng ina si Bebang para maglagay ng dagdag na plato sa mesa.

“Alam mo namang masarap magluto si Mommy,” ani Ella. Kinuha nito ang tinidor at sumubo.

“I’m sorry... I didn’t get your name.” Nakatingin sa kanya si ‘Sweety’.

“Lemuel ang pangalan ko.” Pilit niyang pinapormal ang boses.

“His friends call him Lem,” sabad ni Ella.

“Lem. That’s cute.” Ngumiti ang *tomboy* sa kanya.

Muli siyang nakaramdam ng panghihinayang.

“Anak, tapos ka na ba? Gusto mo ba ng dessert? May ube halaya diyan, pinabili ko kanina habang tulog ka. Alam ko kasing paborito mo.”

“Pareho kayo ni Nicky. Paborito din niya ang ube halaya,” sabad uli ni Ella.

Napatingin siya sa babae. Nakatingin din ito sa kanya. Pagkuwa’y ngumiti ito. Napilitan din tuloy siyang ngumiti.

2

Marami ang nagsasabing masuwerte si Danica dahil ipinanganak siyang mayaman. Nag-iisang anak siya ng isang sikat na socialite at isang successful businessman. Ang pamilya niya ang nagmamay-ari ng construction firm na gumawa ng ilang fly-overs at condo towers sa Metro Manila. Well-traveled siya dahil dinadala siya lagi ng mama niya noon sa mga trips nito abroad.

One time ay sa France siya nag-summer vacation. She was only nine years old that time. Bago mag-high school ay dinala siya ng parents niya sa Caribbean at nag-stay ng isang linggo sa Barbados. Pero ang madalas niyang mapuntahan ay sa US—kung hindi sa California ay sa New York dahil may business associates doon ang kanyang parents.

Nang magdalaga na siya ay hindi na siya gaanong sumasama dahil iba na rin ang mga hilig niya. Naging busy na rin ang kanyang mama sa mga charities at foundation na kinabibilangan nito kaya wala na rin halos itong panahon sa kanya. Ang papa niya ay miminsan lang niya makita sa loob ng isang linggo dahil busy rin. Wala siyang kapatid o malapit na

pinsan na puwedeng yayain sa bahay nila. Pero wala siyang masabi sa magulang pagdating sa materyal na bagay. Dahil lahat ng puwedeng bilhin ng pera ay ibinibigay ng mga ito sa kanya. Kung puwede sigurong bumili ng mga kaibigan ay ginawa na ng parents niya para masigurong masaya siya at hindi nabo-bore.

Kahit paano ay natuto na rin siyang tumayo sa sariling mga paa. She knew how to have fun—with friends or alone.

Nang mag-college ay sumali siya sa ilang organizations kaya nagkaroon na siya ng steady friends. Isa nga si Mariella sa mga iyon.

Nagkakilala sila sa theater nang pareho silang mag-audition para sa isang play. Naging close at ngayon ay sabay pang kumukuha ng parehong subject.

Ella was the sister she never had, and the best friend she'd always wanted. Kaya naman lagi silang magkasama hindi lang sa school kundi pati sa labas. Katulad niya ay nalulungkot din kasi si Ella sa kanila dahil wala rin itong kasama na kaedad. Madalas nag-o-overnight sa kanila ang kaibigan. Gayundin siya—laging nasa bahay nila Ella.

Palagay ang loob nila sa isa't isa at nasasabi ni Nicky ang mga sekreto niya sa kaibigan. Wala siyang itinatago kay Ella, at gayundin ito sa kanya. Kaya naman that particular day ay agad niyang kinorner ito.

“You didn’t tell me that you have a brother who is awfully cute!” akusa niya kaya Ella—although sa school ay tinatawag na nila itong Marley. “God, he’s so hot!”

Katatapos lang nilang kumain at nasa kuwarto na sila nito. They have a school report na kailangang tapusin at i-submit.

“Excuse me, matagal ko nang sinabi sa ’yo na may kuya ako,” sagot ni Ella habang nakatingin sa salamin. Tila ini-inspection nito ang sariling reflection.

“Pero hindi mo sinabing guwapo. Nakakaloka, ang cute niya!”

“Cute ba ’yun? Matanda na ’yun, eh.” Napabungisngis ito. “Saka ipinakita ko na sa ’yo dati ang picture namin.”

“Picture n’yo n’ung mga bata pa kayo. Hello, he was like what, in grade school?” She rolled her eyes. “How old is he anyway?”

“He’s five years older than me. Elementary pa lang ako, malapit na siyang maka-graduate sa college.”

“Paano nangyari ’yun?”

“Na-accelerate, twice or tatlong beses yata. I don’t remember.”

“So he’s smart too.” Nicky had that dreamy look on her face.

Kitang-kita iyon ni Ella. “And he’s five years older!” diin nito. “Mas matanda sa ’yo, girl. Para mo nang tiyuhin!”

“And I’m two years older than you, so three years lang ang gap namin, right?”

Nagkatinginan silang magkaibigan. Na-gets ni Ella ang ibig niyang sabihin kaya napatili ito.

“Eww!” nasabi nito, saka sila nagkatawanan! “Type mo si Kuya?”

“Kahawig niya si Matt Bomer, my favorite actor,” dahil niya.

“Si Kuya? Hindi, ’no!”

“Ang bad mo, sarili mong kapatid, ginaganyan mo.”

“Eh, paano, exaggerated ka. Saka, sanay na sa akin ’yan. Lagi kong inaasar.”

“Hindi ba kayo close? Masungit ba siya?”

“Close naman. Saka mabait ’yan, galante pa.”

“Yun pala, eh.”

“Minsan lang kasi overprotective.”

“I guess natural ’yun sa mga kuya.”

“Paano mo nalaman ’yun, eh, wala ka namang kuya?”

“Well, madami akong male cousins and they’re kinda protective. Akala mo mga goons pag nagbabantay sa amin ng mga female cousins ko.”

“Hay naku, ewan.” Tinatamad na umupo ito sa kama. “Mas mabuti pa, pag-usapan na lang natin ang gagawin nating swimming party.”

“Speaking of that swimming party, paano pa natin gagawin dito sa bahay n’yo kung nandito ang kuya mo? Baka hindi pumayag.”

“Yan nga din ang iniisip ko,” pag-amin nito. “Baka mag-away pa kami.”

“Di doon na lang sa house namin. No offense,

ha, pero mas malaki ang pool sa bahay. And at least mas maluwag doon,” suhestiyon niya.

“Mas nakakahiya sa parents mo, lalo na sa daddy mo. Saka malalayuan ang iba nating barkada kapag sa inyo. Mas accessible kapag dito sa bahay. Don’t worry, subukan ko na lang muna kay Mommy and then kay Kuya. ”Tapos kapag pumayag, eh, di go!”

“Puwede ko bang akitin na lang ang kuya mo para pumayag?” She was actually serious, pero akala ng kaibigan ay nagbibiro pa rin siya. “Type ko siya talaga.”

Todo-iling ito habang pigil ang tawa. “Are you out of your mind?”

“Seryoso ako, ano ba?”

Tuluyan na itong natawa nang malakas. “Baka ipa-Barangay ka n’un!”

“Ang killjoy nito.”

“Swimming party?” Iyon ang bagong inuungot ni Ella sa kanya. Kumunot ang noo ni Lemuel. “Ilan ba kayong magsu-swimming?”

“Mga twenty to thirty siguro, Kuya. Mga

classmates and kasama ko sa org.”

“Isang buong barangay ang lulusong sa pool? Ano’ng akala mo sa bahay, resort? Saka bakit kailangan n’yo ng swimming party?” Aminado siya, killjoy ang dating ng tanong niya.

Dumaan din naman siya sa ‘party’ stage. Noong teenager siya ay lagi siyang nai-invite sa parties and he had his share of swimming parties. Kaya naiintindihan din niya ang kapatid. Ang hindi lang siya sang-ayon ay sa circle of friends nito. Like his mom, nagdududa na rin siya sa influence ni Nicky rito.

“Siyempre gusto naming mag-relax... mag-bonding. Mag-celebrate.”

Hindi lang niya masabi na ang pinoproblema niya ay ang mga kasama nito. Ayaw niyang harapang komprontahin ang kapatid, dahil baka masaktan at lalong magrebelde. Kung magaling lang sana siya sa Child Psychology, mas maha-handle niya siguro nang maayos ang sitwasyon.

“Yung dinala mo dito, kaklase mo ba ’yun?”
Hindi niya napigilang itanong.

“Si Nicky? Ahead siya sa akin ng two years, pero classmate ko siya sa isang subject.”

“Flunker ba ’yun?”

“Naku hindi, ah! Ang talino nga niya, eh. Double major kasi siya kaya may ilang subjects siyang binabalikan.”

Natameme siya. Malay ba niyang matalino iyon?

“Baka naman pahirapan mo pa si Mommy diyan sa swimming party mo?”

“Magpapa-cater kami ng pagkain,” maagap na sagot nito. “Saka hindi kami makalat. Ipapalinis ko ’yung pool after ng party.”

Wala siyang nagawa kundi bigyan ito ng go signal na magpa-party. Tutal malaki na ito. Nag-mental note na lang siyang magpaabiso sa security ng kanilang lugar para kung sakaling magkagulo, may matatawagan siya. Hindi sa iniisip niyang basagulero ang mga katropa ni Ella—pero mas mabuti na ang handa. Saka curious din siya kung ano ang hitsura ng mga tomboy kapag nagsu-swimming party.

Hindi maipaliwanag ni Nicky ang excitement nang araw na iyon. Para siyang kiti-kiti na hindi mapakali kaya napuna tuloy siya ni Yaya Meling.

“Alam mo kanina pa ako nahihilo sa ’yo. Ano ba

ang hinahanap mo?” Pinaplantsa nito ang kanyang mga damit.

Simula noong sanggol pa lamang siya ay si Yaya Meling na ang nag-alaga sa kanya. Ni hindi na nga ito nakapag-asawa dahil doon na ito tumagal sa kanila. Close siya rito na mas madalas pa niyang makausap kaysa sa sariling ina.

“Yung swimsuit kong dark-green ang kulay. Yung pinalabhan ko kahapon? Kailangan ko kasi mamaya.”

“Yung berdeng bra at panty?”

“Two-piece swim wear ho 'yun.” Napahagikgik siya. “Di ba sinabi ko na sa inyo?”

“Tuyo na 'yun. 'Andiyan, baka natabunan. Kakapirasong tela kasi, mas malapad pa ang panyo ko.”

“Yung panyo n'yo kasi, Yaya, parang kumot na.” Sa wakas ay nakita niya sa ilalim ng mga damit na hindi pa napaplantsa ang kanyang two-piece na pampaligo.

Agad niyang tiningnan iyon.

Perfect. This should be impressive.

“Yan ba talaga ang isusuot mo sa swimming n’yo?” tanong ng yaya niya. “Baka magkapulmonya ka.”

“May cute kasi d’un, Yaya. Kailangan, mapansin niya ako.”

“Ang bata-bata mo pa!” saway nito. Hanggang ngayon, five years old pa rin ang turing nito sa kanya. Protective at istrikto ito—in a loving way.

“Para magka-boyfriend na ako, kayo naman.” Bago pa nakasagot ang may-edad na babae ay nakatakbo na siya palabas sa kuwarto nito na malapit sa kusina ng bahay nila.

Pagpasok niya sa kanyang kuwarto ay agad niyang isinuot ang bikini and top saka tiningnan ang sarili sa salamin.

Not bad.

Umikot-ikot pa siya para siguraduhing bagay sa kanya ang suot na swim wear.

Sana pansinin niya ako.

Mula sa bintana ng dining room ay kitang-kita ni Lemuel na nagsisimula na ang swimming party ni Ella

at ng barkada nito. Natukso siyang lumapit sa glass sliding door na malapit sa dining table. As much as possible ay ayaw sana niyang magpakita para hindi mailang ang mga kaklase at kaibigan ng kapatid. Pero eksaktong may nagbukas ng glass door.

“Lemuel?” narinig niyang tawag nito. Napakurap siya. Parang kandidata ito sa *Miss Earth*, naka-two-piece na kulay dark green. “Are you okay?”

Hindi kasi siya agad nakakilos sa kinatatayuan. Namamalik-mata ba siya?

“Excuse me?” nasabi niya nang makabawi. Napalunok siya. Si Nicky ba talaga ang kaharap niya?

“Kuya, kilala mo na si Nicky, di ba?” ani Ella na nasa likuran pala ng babae.

Napatango si Lemuel kahit hindi siya sigurado.

Bakit parang ang ganda yata nito?

Ang ini-expect kasi niya ay baduy o kaya ay kilos lalaki ang... dalaga—taliwas sa tila nympa na nasa harap niya ngayon. Ang alam niya, nang una niya itong na-meet ay hindi ganoon ka-attractive ang babae!

“Join us,” nakangiting yaya ni Nicky sa kanya.

Pero imbis na sumagot ay hinagod niya ito ng tingin mula ulo hanggang paa.

Makinis ang kutis nito, parang naliligo sa gatas. At ang korte ng katawan nito? Pang-international beauty pageant.

Sayang at tomboy, wala sa loob na naisip niya.

“Ano, Kuya, join us daw. Halika, ipapakilala kita sa mga friends ko.” Naka-black one-piece swimsuit ang kapatid niya.

“Huwag na, kayo na lang.” Medyo naiilang siya dahil pakiramdam niya, magmumukha lang siyang matanda kapag nakihalubilo siya sa mga kasama ni Ella.

Akala niya ay lulubayan na siya ng dalawa. Laking gulat niya nang lumapit sa kanya si Nicky at ikinawit pa ang kamay sa braso niya! Napalunok siyang bigla.

“Come on. Nasa bakasyon ka naman, eh. Have some fun.” Iginiya siya nito patungo sa isang table sa pool side. Agad siya nitong binigyan ng drinks.

Shit, mura niya sa isip bago umupo.

Sa sobrang lapit kasi ni Nicky sa kanya, hindi sinasadyang nasagi niya ang malusog na dibdib nito.

Nainom niya tuloy bigla ang ibinigay nitong vodka!

Maraming ipinakilala ang mga ito pero wala siyang matandaan. Ang isip niya ay nasa babaeng balingkinitan ang katawan na nakasuot ng dark green two-piece swim suit.

There's no way na tomboy ito, naisip niya habang iniinom ang ikatlong vodka. Although karamihan sa mga bisita ni Ella ay babae, may mga lalaki ring naroon at obvious na ang atensyon ng mga ito ay na kay Nicky.

“You want some cheese sticks?” Muling lumapit sa kanya ang babae, may dala itong isang platito na may lamang cheese sticks at chicken lollipop.

Napilitan siyang kumuha, para lang ma-distract. Hindi niya gusto ang mga pumapasok sa utak niya nang mga oras na iyon, lalo na't ang lapit-lapit na naman nito sa kanya.

She's not your type. She's not your type!

Kung bakit iyon ang paulit-ulit na isinisigaw ng utak niya. Bigla niyang naisip si Faye—ang girlfriend niya sa California. Para siyang binuhusan ng malamig na tubig.

Oo, may girlfriend siya. At mahal niya ang nobya.

One-forth lamang ang dugong Pinoy ni Faye, she was born in the States. Amerikano ang tatay nito samantalang ang ina ay half-Filipina, half-French. Part-time model si Faye at isang psychologist sa LA. Nagkakilala sila noong isang taon sa party. They had been dating since then.

Kung tutuusin ay malaki ang pagkakaiba nina Faye at Nicky kung pisikal na anyo ang pag-uusapan. Faye was every inch a lady, mahaba ang buhok, very feminine.

Ang hindi niya maintindihan, tila may sariling isip ang kanyang mga mata. Kahit hindi niya gusto, tila may sarili itong galaw na taliwas sa gusto niyang mangyari. Ayaw sana niya pero napupunta lagi ang tingin niya kay Nicky!

After his fourth vodka shot, Lemuel decided to call it a night. Alam niyang wala pang alas diez pero habang nasa katinuan pa siya, kailangan niyang pumasok na sa kuwarto niya. Kahit pinigilan pa siya nina Ella at Nicky, mas pinili niya na matulog na lamang.

“Tell me, may gusto ka ba sa kuya ko?”

Napatingin si Nicky kay Ella. Nakatitig sa kanya

ang babae at naghihintay ng sagot niya.

“Yes,” derechang sabi niya. Bakit pa siya magdedeny?

“Shit,” sabi ni Ella.

“Galit ka?” Para na rin niyang kapatid si Ella. Simula nang maging magkaibigan sila, inseparable na silang dalawa. Hindi niya kayang magalit ito sa kanya because she was like a little sister to her.

“No!” mabilis na tanggi nito. Lihim siyang nakahinga. “It’s just that...”

“It’s just what?”

“May girlfriend na siya sa States, eh.” Huminga ito nang malalim bago ininom ang hawak na vodka. “Masasaktan ka lang.”

Silang dalawa na lang ang naiwan sa pool. Naguwian na lahat ng bisita nila pero ayaw pa nilang pumasok sa loob ng bahay.

“Mas magugulat ako kung wala siyang girlfriend,” aniya.

“You mean, okay lang sa ’yo? Hindi ka man lang na-hurt?”

Umiling siya. “Hurt, siyempre. Pero hindi ibig

sabihin, babalewalain ko ang nararamdaman ko.”

“Akala ko ba sabi mo, hindi ka muna mai-in love?”

“Walang isang salita itong puso ko, eh.” Sinundan niya iyon ng malakas na tawa.

Pati si Ella ay nahawa sa kanya.

Nicky’s first boyfriend was Neil. Classmate niya ang lalaki noong high school at fourth year na sila nang manligaw ito sa kanya. Crush din niya si Neil simula nang makasayaw niya ito sa Junior Prom nila. Kaya nang magtapat ito sa kanya ay agad niyang sinagot. Feeling niya ay siya na ang pinakamasayang high school student sa buong Pilipinas! But her happiness was short-lived dahil nag-migrate sa New Zealand ang buong pamilya ni Neil before their high school graduation.

Nalungkot siya nang husto—daig pa niya ang namatayan. Nangako naman si Neil na tuloy ang relasyon nila and they tried to make it work pero pareho silang nahirapan. Lalo na si Neil dahil sa adjustment period. Ginusto niyang pumunta sa New Zealand para bisitahin sana ang boyfriend pero bago pa niya nagawa ang plano ay nakipag-break na ito sa kanya. Ayaw umano nitong matali siya sa isang

long-distance relationship.

“You deserve someone better, Nicky. I don’t think ako ’yun... kasi ni hindi ko pa nga maayos ang buhay ko dito. Nahihirapan ako dito.”

Pareho silang umiiyak habang nag-uusap sa Internet.

“Pero sabi mo mahal mo ako at ipaglalaman mo ako.”

“Ang layo nating pareho. Ni hindi ko kayang umuwi sa Pilipinas. Unfair naman sa ’yo kapag sinabi kong maghintay ka muna ng five years.”

“Puwede naman tayong mag-chat araw-araw, di ba?”

“We cannot waste our lives on a virtual relationship, Nicky. Pareho lang tayong masasaktan.”

“Sinasantan mo na nga ako sa mga sinasabi mo.”

“I’m sorry. At least, habang mas maaga...”

Noong una ay galit na galit siya kay Neil sa ginawa nitong pakikipag-break sa kanya. Halos isumpa niya ang lalaki. But she realized later on na tama ito. Hindi puwedeng nakaharap na lamang siya sa computer all the time. She moved on with her life.

Ang sunod niyang naging boyfriend ay si Sam. Batchmate niya sa college ang lalaki, guwapo at nasa varsity ng football team. She fell in love with him nang makasama niya ito sa isang field trip. Masaya itong kasama, lagi siyang pinapatawa. Pero nang magkasunud-sunod ang pressure ng lalaki sa school at sa football team ay siya ang nawala sa priority nito.

“I’m sorry, Nicky. Hindi ko pala talaga kayang pagsabayin ang school, ang football at ang relationship.”

“Ha? Gan’un lang ’yun? Susuko ka na agad? Wala namang bagay na madali, di ba?”

“I know. Pero ayokong nahihirapan ka. Ikaw na lang lagi ang nag-a-adjust sa schedule ko.”

“Okay lang naman sa akin, sinabi ko na ’yan dati pa. I understand na importante ang football sa ’yo kaya nag-a-adjust ako.”

“Pero nakokonsyensya ako. Ayokong may naghihintay sa akin. Nawawala ako sa focus. Gusto ko, hindi mawala ang isip ko sa goal ko. Kapag nawala ang sports scholarship ko, mahihirapan akong makatapos. Paano na ang ambisyon ko?”

Daig pa niya ang sinampal nang sabihin iyon ni Sam sa kanya. Gusto niyang isumbat na *‘Paano ang nararamdaman ko?’* Pero tumahimik na lang

siya. Hinayaan na niya ito at hindi na sila muli pang nagkausap. What for? Tahasan na rin lang sinabi sa kanya nito na hindi siya ganoon kaimportante sa buhay nito kaya ayaw na niyang ipilit pa ang sarili. There were a few dates after Sam—puro mga reto mula sa kaibigan—but nothing serious.

Naisip niya noon na baka malas siya sa pag-ibig o di kaya ay sa lalaki kaya ayaw na lang muna niyang magkaroon ng lovelife. Bakit pa? Buhay naman siya at masaya.

Pero simula nang makilala niya si Lemuel na kapatid ni Ella, hindi na nawala sa isip niya ang binata. Hindi na siya tinantanan ng utak at puso niya.

Napatingin siya sa katabi. “Tulungan mo kaya ako?”

“Tulungan saan?” Clueless si Ella sa ideyang biglang pumasok sa isip niya.

“Gusto kong maging kami ng Kuya Lemuel mo.”

“Oh my God.” Iyon lang ang nasabi nito. “Are you out of your mind?” Napanganga ito sa kanya, lalo pa’t nakita yata na seryoso siya.

“I like him,” kaswal na pahayag niya.

“Di mo ba narinig or naintindihan ang sinabi ko

sa 'yo kanina lang? May girlfriend si Kuya!”

“Girlfriend pa lang naman. Hindi pa sila kasal. May pag-asa pa ako.”

“You’re insane, Nicky!” Pero imbis na magalit ay natawa ang kaibigan. “I guess that’s why I like you.”

“And I like you too. And I’d like you to be my sister in law.”

Lalong lumakas ang tawa ni Ella—at niyakap siya nito. Pati siya ay natawa, hanggang sa tumulo na ang luha nilang dalawa sa katatawa.

3

Shocked si Lemuel. Nakikita niyang magkayakap sa pool side ang kapatid na si Ella at ang kaibigan nitong si Nicky.

Nakatulog na siya pero nagising siya dahil sa uhaw kaya tumayo siya at lumabas ng kuwarto para kumuha ng tubig. Alam niyang tapos na ang party dahil wala nang sounds na nanggagaling sa pool area, madilim na rin ang mga ilaw maliban sa garden at sa pool. Natukso lang siyang tumingin sa labas at napalapit sa glass door nang makitang may mga anino pa sa labas. Gayon na lang ang gulat niya nang makitang magkayakap sina Ella at Nicky.

Hindi siya nakatiis. Dali-dali siyang lumabas para komprontahin ang dalawa. Hindi niya kayang i-tolerate ang ganoong kahalayan sa pamamahay nila. Kung kinakailangang palayasin niya si Nicky ay gagawin niya.

“Mariella!”

Nagulat ang dalawang babaeng magkayakap. Agad naghiwalay ang mga ito.

“Kuya! Akala ko tulog ka na?” Nakita ng binata

na agad ibinaba ni Ella ang hawak nitong baso saka tumayo.

Nanatiling nakaupo si Nicky, nakangiti pa sa kanya.

Bitch, sa loob-loob ni Lemuel.

“Akala ko ba ay tapos na ang party, bakit nandito ka pa sa labas?”

“Nag-uusap lang kami ni Nicky,” sagot ni Ella. Guilt was written all over her face.

Gusto niyang hilahin ang kapatid at ipasok sa kuwarto nito para mabigyan ng leksyon. Pero hindi niya gagawin iyon dahil hindi siya bayolenteng tao.

“Madaling araw na, at wala kayong mga saplot. Matulog na kayo, baka magkasakit pa kayo,” mariin niyang saad.

Nagkatinginan muna ang dalawang babae. Tila nag-uusap ang mga ito sa pamamagitan ng mga mata. Lalo tuloy siyang nairita.

“Sige na, baka magising pa si Mommy.”

“I’ll go ahead ha, sunod ka na lang?” ani Ella kay Nicky.

“Dito matutulog ang kaibigan mo?” tanong niya.

He couldn't get himself to say Nicky's name. Tumango si Ella.

“Kesa naman mag-drive pa siya, Kuya. Sige na, good night.” Iyon lang at tumalikod na ito.

Naiwan si Nicky na nakaupo pa rin. Tiningnan niya ito. Napadako uli ang mga mata niya sa dibdib ng babae. Napalunok siya dahil tila kumakaway ang mga iyon sa kanya.

“It's late, Nicky. Matulog ka na rin. Pumasok ka na.” It took all his strength and courage to say those words without looking at her breasts. Tumalikod na siya at naglakad papasok ng bahay. One more second with Nicky at baka kung ano pa ang mangyari.

Mayamaya ay narinig niyang nagsalita ito. Nasa loob na siya ng bahay at patungo na sa kuwarto niya.

“Suplado ka ba talaga?” anito. “Para kang laging galit sa akin.” Nasa likod pala niya ito—nakasunod sa kanya.

Lumingon siya at hinarap ang babae. Pero imbis na mainis ay na-distract na naman siya. Imagine, naka-two piece pa rin ito at hindi man lang nagsuot ng robe o nagtapis ng tuwalya. Kahit alam niyang tomboy ito, babae pa rin ang katawan nito. At lalaki lang siya!

“Hindi ako galit sa ’yo,” pahayag niya. “Nanghihinayang lang ako sa ’yo.”

“Nanghihinayang? Bakit?” Nakita niyang nagulat ito sa sinabi niya.

“Dahil... dahil maganda ka naman pero lesbiana ka.”

May treinta segundo rin yatang hindi nakapagsalita ang babae. Pero mayamaya ay tumawa ito nang malakas.

“Ako? Lesbian?” It was a genuine laughter—like she had just heard the funniest thing in the world.

“Hindi ba?” Nalito na siya.

“Papayag lang akong maging lesbian kung gay ka,” sagot nito.

And it was the wrong answer. Dahil imbis na sumagot ay kinabig niya ang babae at hinalikan sa labi.

Nakita pa niyang nanlaki ang mga mata nito, but only for a split second. Pagkuwa’y ikinawit pa nito ang mga kamay sa balikat niya at nakipagsabayan ng halik sa kanya. At dahil nga lalaki siya, at mahina pa—imbis na itigil ang halik, binuhat pa niya ito at dinala sa sariling kuwarto. Hindi na niya alam kung

paano niya naisara at nai-lock ang pinto. Para silang uhaw na hindi maintindihan—nagmamadali at hindi alam kung ano ang uunahing hawakan. His hands were all over Nicky! Hindi naman umangal ang babae, bagkus ay lalong humigpit ang yakap nito.

Isinandal niya ito sa likod ng pinto—pareho nang nasa sahig ang mga saplot nila. He touched her breasts while he kissed her. Mayamaya pa ay bumaba na ang mga labi niya. At narinig niyang napaungol ito.

“Lem...” Napatingin siya rito at nakita niyang nakapikit ito pero halos sabunutan na siya.

Alam niyang hindi na siya puwedeng tumigil. Pero nagawa niya pang tanungin ang babae nang ibaba niya ito sa sahig.

“A-are you sure...”

Imbis na sumagot ay kinabig siya nito at hinalikan. So he took her right there—sa sahig malapit sa pinto ng kuwarto niya—ni hindi sila umabot sa kama.

They made love with such wild, passionate urgency. Parang wala nang bukas. Pagkatapos ng ilang minuto ay nanatiling nakayakap siya kay Nicky. Mayamaya ay akmang kakalas siya para bumangon pero pinigilan siya ng babae.

“Saan ka pupunta?”

“Mabigat ako... baka mangawit ka.”

“You could stay on top for as long as you want.”
Ngumiti ito.

Hindi niya napigilan ang sarili—muli niyang hinalikan ang babae. Saka siya bumangon at binuhat ito para dalhin sa kama. And then they made love again and this time, si Nicky naman ang nasa itaas.

Pakiramdam ni Lemuel ay nananaginip siya. He never thought he could experience such intense emotion. Sa bawat galaw ni Nicky ay para siyang idinuduyan at nililipad. Para siyang nasa ere. Kung puwede nga lang na hindi na matapos ang gabi.

Pagkatapos ay tumayo ang babae at pumasok sa banyo. Magsa-shower daw ito. Pipigilan sana niya, but he thought of something better. Sinundan niya ito and they made love right under the water. Saka sila sabay na natulog.

Masakit ang katawan ni Nicky nang magising. But it was a delicious kind of ache. Pagtingin niya sa wall clock sa loob ng kuwarto ay nakita niyang alas onse na ng umaga. Akala niya ay siya na lang mag-isa

ang nasa kama. Pero katabi pa rin pala niya si Lemuel, at nakayakap sa kanya ang isang kamay nito.

Oh... shit.

Naalala niya ang mga ginawa nila. Agad na namula ang dalaga, lalo pa't alam niyang pareho pa rin silang walang saplot sa ilalim ng kumot.

Paano siya magre-react paggising nito? Ano ang sasabihin nito sa kanya? Naisip niya si Ella sa kabilang kuwarto. Kung gising na ito, tiyak na nagtataka na ang kaibigan niya kung nasaan siya. Ang kotse niya ay nasa labas pa rin ng bahay.

Gusto niyang batukan ang sarili. Pero di niya magawang magsisi—ipokrita siya kapag sinabi niyang di niya nagustuhan ang nangyari. Nahihiya lang siya sa mommy ni Ella, baka malaman ang ginawa niya with Lemuel at atakehin sa puso ang ginang.

Naramdaman niyang gumalaw ang binata. Before she could even react, hawak na nito ang isang dibdib niya. Nag-init tuloy ang pisngi niya kahit bagong gising. Nagmistulang sanggol si Lemuel kaya't napaungol siya at nasabunutan ito. Mayamaya ay nakapatong na ito sa kanya—doing all the wonderful things to her body.

Ano ang laban niya sa gan'ung sensasyon?

Hindi makatingin nang derecho si Lemuel kay Nicky. Tahimik na tumayo ang babae, wala itong saplot at nagtungo sa banyo. Hindi niya maintindihan kung ano ang nangyari. Was it too much vodka? Iyon yata ang salarin kung bakit humantong silang dalawa sa kama! Pero ngayong umaga ay may nangyari ulit sa kanila—at wala siyang nainom kahit isang patak na alak kaya hindi niya puwedeng sisihin ang vodka.

You like making love to her, sabad ng isip niya.

Wala siyang maidepensa roon. Dahil totoo. And he would make love to her in a heartbeat kung hindi niya pipigilan ang sarili. In fact, it's a huge effort not to go inside the bathroom and spend more time with the woman under the shower. Naramdaman niya ang pag-iinit ng mukha sa huling naisip.

Lumabas si Nicky after five minutes, nakaligo na ito at nakatapis ng tuwalya—tuwalya niya actually. Pinakialaman ng babae sa loob ng banyo.

“Puwede ba akong humingi ng favor? ’Yung gamit ko kasi, nasa kuwarta ni Ella. Baka puwedeng pakikuha?”

Shit.

Napapikit si Lemuel. Paano niya ipapaliwanag sa kapatid na kailangan niya ang gamit ni Nicky? Worse—paano niya masasabi na sa kuwarto niya natulog ang babae?

“Okay lang ba?” narinig niyang tanong nito.

I’ll be damned.

May magagawa ba siya? Hindi ito puwedeng manatili sa kuwarto niya—lalo na’t wala itong damit. Lalong delikado. Walang kibo na tumayo siya mula sa kama. Dali-dali siyang nagbihis para magmukhang disente. Bago lumabas ng kuwarto ay binilinan niya si Nicky.

“Pumasok ka na lang muna sa CR. Sasabihin kong nakiligo ka sa kuwarto ko.”

Muntik na itong matawa sa attempt niyang gumawa ng alibi. Pero hindi ito nagreklamo—sinunod lang siya.

“Lemuel!”

Natutop niya ang dibdib sa sobrang gulat. Bulagain ba naman siya ng mommy niya sa mismong pinto ng kuwarto niya.

“Ma! Ano’ng ginagawa mo dito?” Agad niyang isinara ang pinto.

“Gigisingin na sana kita para makakain ka na,” anang ginang na walang kamalay-malay sa mga naganap sa loob ng kuwarto niya. “Tanghali na, eh.”

“Ah, sige po. Halika na sa dining room.”

“Kukunin ko na lang ang maruruming damit mo para mapalabhan ko sa katulong.” Akmang hahawakan na ni Mrs. Tirol ang door knob nang pigilan niya ito.

“Huwag na po!” Iniharang niya ang katawan sa harap ng pinto. Pakiramdam niya ay teenager uli siya na may ginawang krimen. “Tara na po at nagugutom na nga ako.”

“Hay naku, pareho kayo ni Ella. Ayaw din akong papasukin sa kuwarto niya.” Nakasimangot na tumalikod ang ina at nagtungo sa komedor, kabuntot siya.

Nang makitang abala ito sa paghahain ay sinamantala niya iyon at tinakbo ang kuwarto ni Ella. Kinatok niya iyon nang kinatok hanggang sa bumukas ang pinto.

“Asan daw ang gamit ni Nicky?” kaswal na tanong niya sa kapatid.

“Si Nicky?” Tila wala sa sariling napatingin sa

kama ang kapatid. Obvious na inaantok pa ito at may hang-over. “Akala ko ba dito siya natulog?”

“Sa sala siya nakatulog,” derechang sagot niya.

“Bakit sa sala, eh, dito siya sa kuwarto dapat matulog?” Pilit na naglakad si Ella patungo sa couch nito na nasa loob ng kuwarto. May backpack na nakapatong doon. “Nasaan siya ngayon?”

“Naka-lock daw ang kuwarto mo. Kanina ka pa niya kinakatok pero tulog na tulog ka. Ako ang nakitang gising na, kaya ’ayun, nakikiligo sa banyo ko.”

Tila hindi naman nagduda si Ella sa kuwento niya. Ibinigay nito sa kanya ang backpack ni Nicky saka bumalik sa higaan.

“Pakisabi hindi ko na ila-lock ang pinto. Puwede siyang pumasok at matulog uli kung gusto niya.”

Bago pa siya nakasagot ay nakapikit na uli si Ella. Tumalikod na siya para dalhin ang gamit ni Nicky sa kuwarto niya. Inilapag lang niya ang backpack sa kama saka mabilis na nagtungo sa komedor.

“O, saan ka galing? Daldal ako nang daldal, akala ko kasama lang kita,” reklamo ng mommy niya.

“May binalikan lang sa kuwarto ko.” Kumuha siya

ng tubig at ininom iyon. Umupo siya saka naglagay ng pagkain sa plato. “Hindi ka ba kakain, Ma?”

“Tapos na ako, kanina pa. Kayo na lang ni Ella ang hindi pa kumakain. Saka ’yung kaibigan niya. ’Yung tomboy. Dito yata natulog, nasa labas pa ang kotse, eh.”

Muntik na siyang mabilaukan sa narinig. If there’s one thing Nicky was not—iyon ay ang paratang ng mommy niya. Alam niyang hindi totoo iyon at napatunayan na niya. Ilang beses pa!

And as if on cue, biglang sumulpot sa dining room ang babae. She looked fresh, naka-sleeveless ito ng pink, white shorts at tsinelas na puti.

“Good morning po,” bati nito sa kanila.

“O, gising ka na pala.” Nakangiti si Mrs. Tirol. “Kumain ka muna. Brunch na yata ito sa inyo.”

Tahimik na umupo si Nicky. Kumuha ito ng pagkain. Nang mapatingin ito sa kanya ay siya ang unang umiwas ng tingin. Dali-dali niyang tinapos ang pagkain at agad na nag-excuse.

“Tapos ka na, Lemuel? Parang ang konti yata ng kinain mo?” May pag-aalala sa mukha ng mommy niya. “Hindi mo ba gusto ang pagkain?”

Masarap ang mga nakahain kung tutuusin. May pritong daing, homemade tapa, fresh tomatoes, nilagang itlog, at saka sinangag. May minatamis na saging pa for dessert. Pero paano siya makakakain kung nasa harap niya si Nicky? Naaalala niya ang kasalanang pinagsaluhan nilang dalawa.

“Busog na po ako, Ma.” Kinuha niya ang isang baso ng fresh orange juice at tumalikod na.

Pagdating niya sa sariling kuwarto ay agad niyang ini-lock iyon. Naroroon pa ang ginamit na tuwalya ni Nicky. Na-tempt siyang damputin iyon at amuyin.

Shit, what am I doing?

Agad niyang itinapon sa laundry basket ang towel. Di siya makapaniwala sa ginawa.

Wala pa siyang one week sa Pilipinas pero pakiramdam niya ay ang haba na ng inilagi niya sa bahay. Nagkasala pa siya kay Faye. Definitely ay hindi niya puwedeng sabihin sa girlfriend ang naganap—tiyak na hihiwalayan siya ng babae. Ang iniisip niya ay kung paano kakausapin si Nicky after what happened.

Alangan namang gan'un-gan'un lang?

Hindi siya bastos na lalaki. At may kapatid siyang babae, ayaw niyang mangyari kay Ella ang ginawa niya sa kaibigan nito.

Nakaramdam siya ng sakit ng ulo kaya humiga muna siya sa kama. Ayaw man niyang aminin pero nagiging bangungot sa kanya ang bakasyong ito.

Galit siya sa akin.

Iyon ang unang pumasok sa isip ni Nicky nang tumayo si Lemuel mula sa dining table. Nasaktan siya dahil parang nawalan ng gana sa pagkain ang lalaki nang makita siya.

Gan'un ba ako ka-loser?

Pero naisip din ng dalaga na hindi niya masisisi ang kuya ni Ella dahil siya ang unang lumapit at nanukso.

She practically seduced him! Siyempre, dahil lalaki, pinatulan siya. Okay naman sila kagabi hanggang kanina. Alam niyang they had fun. Pero bakit ngayon, parang kulang na lang ay tahasan itong mandiri sa kanya?

“Nicky, okay ka lang ba, Hija?” narinig niyang tanong ni Mrs. Tirol.

“Okay lang po.” Pinigilan niya ang sarili, baka kasi maiyak pa siya sa harap ng ginang.

Pagkatapos kumain ay sinilip niya si Ella. Tulog pa rin ang kaibigan kaya nag-iwan na lang siya ng note sa side table nito.

Uuwi muna siya sa kanila para hindi na siya masyadong mailang. Tatal mukhang wala namang balak si Lemuel na kausapin siya after what happened.

Pagdating niya sa bahay nila ay nagkasalubong pa sila ng mommy niya. Alam niyang papunta na ito sa isa sa mga charitable works nito. And obviously ay wala roon ang daddy niya dahil may bagong site sa Laguna ang kompanya nila.

“Hey, how was your swimming party?” bati ng ina kahit alam niyang may kausap ito sa kabilang linya dahil hawak nito ang cellphone.

“It was okay, Mom.” Humalik siya rito.

“Next time dito ka magpa-party para nagagamit ang pool.” Sumenyas ito sa driver at dali-daling lumapit ang huli. Ibinigay nito ang hawak na bag sa driver.

“Are you sure okay lang magpa-party dito?”

“Of course, Darling. Next time, okay?”

Tumango siya at kumaway nang makasakay sa kotse ang ina.

Sa kuwarto ay nagmuni-muni siya. Binabalik-balikan niya ang nangyari sa kanila ni Lemuel. Alam niyang kung sa bahay nila ginawa ang swimming party, tiyak na hindi naganap iyon.

Pero wala siyang regret.

Saka hindi na ako menor de edad, sa loob-loob niya.

Ang agam-agam lang niya ay kapag nagbunga iyon. Tiyak na patay siya.

I'll cross the bridge when I get there.